**Pamagat**: Ang Mayaman na Hangal

**Texto**: Lk. 12:20 "But God said unto him, Thou fool, this night thy soul shall be required of thee: then whose shall those things be, which thou hast provided?"

> *Pagsasalin*: Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na hangal, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya?

**Panimula**:

1. Nangaral ang Panginoong Jesus at binigyan niya ang Kanyang mga disipulo ng babala laban sa kasakiman o kayamuan.
2. Ang v.15 ay napakaimportante: Sinabi niya sa kanila, Mag-ingat kayo at magbantay laban sa lahat ng kasakiman, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian.
3. Ang pinakaimportanteng bagay sa buong mundo ay hindi ang ating kayamanan, ari-arian, damit, bahay, kundi ang relasyon natin sa Dios. Sa oras ng kamatayan natin dapat alam natin na tayo ay ligtas dahil sa kapatawaran ng Panginoong Jesus.

I. **Una sa lahat pansinin natin ang buhay ng taong ito**:
   - A. Siya ay isang matagumpay na tao – sa pananaw ng mundo.
   - B. Malamang siya ay isang matuwid at mapagkakatiwalaang mamamayan.
   - C. Sigurado na siya ay isang magandang halimbawa at lider ng lipnan.
   - D. Isang maayos na manggagawa, walang nakasulat sa Biblia na siya ay isang masamang tao.
   - E. Ang nakasulat ay nagsasabi na siya ay isang magsasaka.

II. **Pangalawa: Pinabayaan niya ang kondisyon ng kanyang kaluluwa**:
   - A. Sa kapanahunan niya maaring narinig niya ang pangangaral ni John the Baptist, o ang preaching in Jesus Christ: magsisi kayo, at sampalatayanan ang ebanghelyo.
   - B. At bagamat ang Dios ay nagpadala ng ilang mga mensahero, itong lalaking ito ay hindi nagbigay pansin sa salita ng Dios o sa babala na galing sa Dios.
   - C. Siguro ang turing niya sa mga Christiano ay sila ay mga panatiko. Bilang Hudyo malamang siya ay miembro ng Sinagoga (ang bahay sambahan ng mga Hudyo). Relihiyoso pero hindi ligtas.
   - D. Wala siyang panahon para aksayahin sa mga bagay ng Panginoon. Masyadong busy.
   - E. Ganito rin ang tao ngayon: walang oras para sa Dios. Hindi nila binibigyan pansin ang Dios.
   - F. Ang ganitong tao kapag ginulangan siya ng limang piso, talagang magagalit siya – pero hindi niya pinansin nilinlang ni Satanas ang kanyang kaluluwa.
   - G. Siya ay matalino, magaling, mayaman, pero bulag. [hindi niya inasikaso ang walang-hanggang kapakanan]. Wala naming masama sa ginawa niya maliban lamang hindi niya binigyan pansin ang kanyang kaluluwa.

III. **Pangatlo: Dumating ang kamatayan at humarap siya sa Dios**:
   - A. Isang araw dumating ang kamatayan. Sigurado nag-usap sila: Halikana, sabi ni Kamatayan. Hindi! Hindi pa ako handa! Marami pa akong dapat asikasuhin! – pero kapag oras na ng kamatayan, wala na tayong magagawa.
   - B. Nagulat siya sa pagdating ng kamatayan, pero buong buhay niya siya ay pinapaligiran ng kamatayan.
   - C. Maaring nakita ng katulong ang kanyang katawan, tinawag ang pamilya, tinawag ang doktor, pero wala na silang magagawa, oras na ito ng kanyang kamatayan. Sa kanyang funeral siguradong tinawag siyang: Magaling o dalubhasang tao, makadiyos at makatao. PERO tinganan mo kung ano ang tinawag sa kanya ng Panginoon: "Hangal!" (Lk. 12:20).

**Katapusan**: Nawa bigyan nating pansin ang ating kaluluwa. Malaking grasya ang mapagisipan natin ang mga bagay ng Pangninoon. Kung ikaw ay hindi pa nagsisi at sumampalataya maaring gawin mo na ito ngayon.